| Naaangkop ang patakarang ito sa:<br>☑*Stanford Health Care* | Petsa ng Huling Pag-apruba: |
|---|---|
| **Pangalan ng Patakaran:**<br><br>PATAKARAN SA PANININGIL NG UTANG | **Pahina 1 ng 5** |
| **Mga Apektadong Departmento:**<br>Lahat ng Departmento | |

## I. LAYUNIN

Layunin ng Patakaran na magbigay ng impormasyon kaugnay ng pagsisingil at paniningil ng utang ng pasyente, alinsunod sa California Health and Safety Code, Federal Patient Protection and Affordable Care Act at mga patakaran at kagawian ng Stanford Health Care (SHC).

## II. PATAKARAN

Upang isulong ang pagkakaroon ng pinansyal na suporta para sa hinaharap at reponsableng paggamit ng mga pinagkukunan para sa pangangalaga sa mahihirap, sisiguraduhin ng SHC na ang mga inutang ng mga Guarantor para sa mga serbisyong medikal na ibinigay ng SHC ay sinisingil sa takdang oras at sumusunod sa batas.

## III. MGA KAHULUGAN

### A. Extraordinary Collection Action (ECA)

1. Paglalagay ng karapatang magbenta o kumuha ng ari-arian bilang kabayaran sa utang sa pag-aari ng isang indibidwal
2. Pagreremata sa real property
3. Paglilipat o pagkukumpiska ng bank account o iba pang personal na ari-arian ng indibidwal
4. Pagsasampa ng kaso laban sa isang indibidwal o pagbibigay ng warrant of arrest
5. Pagdudulot ng pag-aresto sa isang indibidwal
6. Pangongotong sa mga sahod
7. Pag-uulat ng salungat na impormasyon sa isang credit agency
8. Pag-aantala o pagtatanggi ng pangangalagang kinakailangan sa paggamot dahil hindi nakapagbayad ng nakaraang pangangalagang ibinigay sa ilalim ng Patakaran sa Tulong Pampinansyal at Pangangalagang Pangkawanggawa ng SHC
9. Pangangailangan ng bayad bago magbigay ng pangangalagang kinakailangan sa paggamot dahil sa mga patung-patong na singilin para sa nakaraang ibinigay na pangangalaga
10. Maaaring kabilang ang pagbebenta ng utang sa isang third party

B. **Tulong Pampinansyal**

Tulong na ibinibigay sa mga pasyente para sa mga nagigipit sa pagbayad nang buo sa mga inaasahang gastusin na kukunin sa sariling bulsa para sa mga serbisyong Kinakailangan sa Paggamot na ibinibigay ng SHC at para sa mga kwalipikado ayon sa pamantayan para sa nasabing tulong. Sa ilalim ng Patakarang ito, ang Tulong Pampinansyal ay maaaring Pangangalagang Pangkawanggawa o Diskwento para sa Mga Nagigipit. Maaaring makuha ang Patakaran sa Tulong Pampinansyal at Pangangalagang Pangkawanggawa ng SHC sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa Mga Pinansyal na Serbisyo para sa Pasyente.

C. **Guarantor**

Para sa mga layunin ng Patakarang ito, ang indibidwal na kabilang sa partido na may pananagutang pampinansyal para sa pagbabayad ng account balance, at ang taong maaari o maaring hindi isang pasyente.

## IV. MGA HAKBANG

A. Ipagpapatuloy ng SHC ang pagbabayad sa mga inutang para sa mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan na ibinigay ng SHC alinsunod sa patakaran at mga hakbang ng SHC. Ang mga hakbang para sa pagtatalaga sa mga paniningil/hindi mabayarang utang ay magiging angkop sa lahat ng SHC Guarantor.

B. Susunod ang SHC sa mga nauugnay na batas at regulasyon ng pederal at estado sa pagtatalaga ng hindi mabayarang utang.

C. Ang lahat ng account balance ng pasyente na nakatutugon sa mga sumusunod na pamantayan ay kwalipikado para sa pagsasailaim sa collection agency:

1. Nagsagawa ng mga hakbang ang SHC upang maningil ng bayad gamit ang makakatuwirang paniningil, gaya ng mga billing statement o pagtawag sa telepono. Susubukan ng SHC na magpadala ng mga pahayag ng apat (4) na Guarantor pagkatapos ng petsa ng pag-discharge mula sa outpatient o inpatient na pangangalaga, na may abiso ng huling 10 araw na nakasaad sa ikaapat na pahayag ng Guarantor, na nagpapahayag na ang account ay maaaring ipasa sa collection agency. Kabilang sa lahat ng billing statement ang isang abiso tungkol sa Patakaran sa Tulong Pampinansyal/Pangangalagang Pangkawanggawa ng SHC.

2. Ang mga account na may status na “Sinagot na Mail” ay kwalipikado para sa pagtatalaga ng mga paniningil pagkatapos maidokumento at magawa ang lahat ng pagsisikap para sa mabuting layunin.

3. Kung ang isang pasyente ay may iba pang mga account na bukas o may mga hindi pa nababayarang utang, may karapatan ang SHC na magpadala nang mas maaga ng mga account sa mga paniningil.

4. Sususpindihin ng SHC ang anuman at lahat ng pagkilos sa paniningil kung ang isang nakumpletong Aplikasyon para sa Tulong Pampinansyal, kabilang ang lahat ng kinakailangang sumusuportang dokumentasyon, ay natanggap na.

D. Kung natukoy ng SHC na ang isang pasyente ay kwalipikado para sa Tulong Pampinansyal/Pangangalagang Pangkawanggawa, o Diskwento para sa Nagigipit, at nagbayad ang Guarantor sa SHC nang higit pa sa halaga na dapat singilin sa isang kwalipikadong pasyente, dapat isauli ng SHC ang halaga ng aktwal na ibinayad sa SHC na sobra sa nakatakdang halaga kabilang ang interes sa rate na nakasaad sa Code of Civil Procedure Section 685.010 (kasalukuyang nakatakda sa 10 porsyento taun-taon) mula sa petsa ng pagtanggap ng SIIC sa bayad. Sa kabila ng mga nabanggit, kung $5.00 pababa ang halaga ng sobrang ibinayad ng Guarantor, hindi na dapat ibalik ng SHC ang halaga ng sobrang ibinayad o bayaran ang interes, ngunit dapat bigyan ang kwalipikadong pasyente ng hospital credit sa halaga na sobrang ibinayad para sa 60 araw mula sa petsa kung kailan itinakda ang halaga.

E. Gaya ng nakasaad sa Patakaran sa Tulong Pampinansyal/Pangangalagang Pangkawanggawa ng SHC, ang isang pasyente na kwalipikado para sa Diskwento para sa Nagigipit, ay maaaring makipagkasundo para sa isang plano sa pinalawig na pagbabayad nang walang interes para sa anumang mga bayarin na gagastusin ng pasyente. Dapat isaalang-alang ng plano sa pagbabayad ang kita ng pasyente, mahahalagang pang-araw-araw na gastusin, mga ari-arian, halaga na inutang at anumang mga paunang bayad,

F. Kung hindi sumasang-ayon ang isang Guarantor sa balanse sa account, maaaring hilingin ng Guarantor na masuri at ma-verify ang balanses sa account bago ang pagtatalaga ng account sa collection agency.

G. Ang mga account sa collection agency ay maaaring mabawi at maibalik sa SHC batay sa pasya ng SHC at/o alinsunod sa mga batas at regulasyon ng estado o pederal. Maaaring piliing asikasuhin ng SHC ang mga account upang tumugma sa kagustuhan ng Guarantor o ng third party kung kinakailangan, o ipasa ang mga account sa isa pang collection agency.

H. Ang SHC ay hindi kasalukyang nakikibahagi sa anumang mga extraordinary collection action (ECA) gaya ng nakasaad sa itaas.

## V. <u>PAGSUNOD</u>

A Responsibilidad ng lahat ng miyembro ng lakas-paggawa kabilang ang mga empleyado, nakakontratang tauhan, mga mag-aaral, mga volunteer, mga may credential na medikal na tauhan at mga indibidwal na kumakatawan o

nakikilahok sa gawain sa SHC na tiyakin na ang lahat ng indibidwal ay sumusunod sa Patakarang ito;

B Ang mga paglabag sa Patakarang ito ay iuulat sa Tagapamahala ng Departmento at iba pang naaangkop na Departmento gaya ng tinukoy ng Tagapamahala ng Departmento o alinsunod sa patakaran ng ospital. Sisiyasatin ang mga paglabag upang mapagpasyahan ang uri, kalalaan at potensyal na peligro sa ospital. Sasailalim ang mga miyembrong nagtatrabaho na lalabag sa patakarang ito sa naaangkop na aksyon sa pagdidisiplina (disciplinary action) na hanggang sa at kasama na ang pagkakatanggal sa trabaho.

## VI. <u>IMPORMASYON NG DOKUMENTO</u>

A. Mga Legal na Awtoridad/Sanggunian
1. California Health and Safety Code 127400-127462 ayon sa naangkop.
2. Federal Patient Protection and Affordable Care Act, Section 501(r) ng Internal Revenue Code at mga nakapailalim na regulasyon.

B. May-akda/Orihinal na Petsa
Enero 2007, S. DiBoise, Chief Hospital Counsel and E. Leigh, Office of General Counsel

C. Gatekeeper of Original Document Administrative
Manual Coordinators and Editors

D. Mga Kinakailangan sa Pamamahagi at Pagsasanay
1. Nakasaad ang patakarang ito sa Administratibong Manual ng Stanford Health Care.
2. Ipapamahagi ang mga bagong dokumento o anumang binagong dokumento sa mga may hawak ng Administratibong Manual. Ang tagapamahala ng departmento/unit/klinika ang magkakaroon ng responsibilidad sa pagbibigay ng impormasyong ito sa angkop na tauhan,

E. Mga Kinakailangan sa Pagsusuri at Pagre-renew
Ang patakaran na ito ay susuriin at babaguhin sa bawat tatlong taon o gaya ng kinakailangan ayon sa pagbabago ng batas o pagsasagawa.

F. History ng Pagsusuri at Pagbabago
Enero 2010, Erin Leigh Esq,, Office of General Counsel Marso 2011, Sarah DiBoise, Chief Hospital Counsel Mayo 2015, Andrea M. Fish, Office of General Counsel

G. Mga Pag-apruba
Enero 2007, S, DiBoise, Chief Hospital Counsel
Pebrero 2007, SHC Core Oversight Group

Abril 2010, SHC Operations Group
Mayo 2011, SHC Operations Group
Abril 2014, SHC Operations Group

[Nangangailangan ng Pag-apruba ng Board sa 2015]